

International Theatre Institute ITI

World Organization for the Performing Arts



Message for World Theatre Day 2022 – 27 March

Author of the Message: Peter SELLARS, USA
Theatre, Opera and Festival Director

Filipino Translation

World Theatre Day Message 2022 by Peter SELLARS

M E N S A H E

Ni PETER SELLARS

Salin sa Filipino ni JOE LAD SANTOS

Habang ang mundo ay nakaabang bawat sandal sa mga nangyayari, bayan ninyo na anyayahan ko kayong lahat, bilang mga manlilikha na taus-pusong pumasok at lumahok sa epikong panahon, epikong pagbabago, epikong kamulatan, epikong repleksiyon at epikong bisyon. Tayong lahat ay nabubuhay sa sa epikong kabanata ng kasaysayan at mga biglaang pagbababago na ating nararanasan mula sa paligid, sa ating kapwa, sa kalikasan, sa bawat isa at maging sa hindi makataong kaganapan batay sa ating naaabot, sa mga bagay na naisasatinig at hindi masalita at sa biyaya ng pagpapahayag.

Hindi tayo nabubuhay sa beinte cuatro oras na siklo ng mga balita, tayo'y nabubuhay sa bingit ng bangin ng ating orasan. Ang mga pahayagan ay hindi ganap na naarmasan ng mga kailangan natin sa pagharap sa mga pangyayari na sa ayaw natin at sa gusto ay ating mararanasan.

Nasaan ang Wika, nasaan ang mga galaw, nasaan ang mga imahe na magbibigay-daan sa atin upang maunawaan ang mensahe na dulot ng ating mga karanasan. At paano nating maibabahagi ang nilalaman ng ating buhay ora mismo hindi bilang pag-uulat ng ating mga karanasan.

Teatro ang sining-porma ng ating karanasan.

Sa mundong ito na pinaghaharian ng iba't ibang daluyong ng mga propaganda, paano nating maaabot ang walang katapusang ulit ulit na karanasan ng kabanalan at mga kasukdulan ng minsanan lamang na buhay, ng kaisa isang kalikasan sa buhay, pakikipagkapwa, ang kalidad ng liwanag sa kariktan ng himpapawirin? Ang dalawang taon ng Covid 19 ay pinagdilim ang pakiramdam ng sangkatauhan, pinaikli mismo ang buhay, pinagot ang maraming ugnayan, at dinali rin tayo sa mga lugar na maaaring hindi pa naaabot ng panirahan at sensitibidad ng mga buhay sa mundo.

Anong binhi ang dapat ipunla at muling ipunla sa mga taon na ito ng buhay, ano naging pananim ang sobra nang lumaki at nakasawaan na at dapat nang puksain? Napakaraming tao ay naroon na sa gilid. Ang mga karahasan ay sukdulan na. Napakaraming istruktura ay nabunyag ay nahayag na patuloy lamang sa pagmamalupit.

Nasaan na ang mga seremonya para sa mga ginintuang alaala? Nassan na ang ritwat indak na dati na nating ginawa at mga galaw at indak na hindi pa nagagawa? Ano bang mga bagay ang dapat nating irekord at matandaan? AQno ba ang mga bagay na dapat makasanayan, pagpraktisan at paghandaan?

Ang teatro ng mga epikong pananaw, layunin, pagbawi, muling pagtatayo, pangangalagang dapat gawin para sa bagong ritwal. Hindi tayo dapat na libangin. Kailangan natin na magbigay-puwang. Kailangan nating magtipon, para sama-samang repasuhin ang kahulugan ng pagbibigayan ng espasyo. Kailangang protektahan ang mga espasyong ito at sa matimtimang pakikinig sa mga dayalogo.

Ang teatro ay nilikha sa daigdig para sa espasyo ng hindi pagkakaipare-parehas sa pagitan ng mga tao, sa mga diyos, mga halaman, mga hayop, patak ng ulan, luha at iba pa. Ang espasyo sa hindi pagkakaipantay pantay at sa malalim na pakikinig ay nagpapabusilak sa nakatagong kagandahan, buhay na pinasisigla ng magkasamang pagkilos sa oras ng panganib, kalituhan, katalinuhan, pagkilos at katiyagaan.

Sa **Flower Ornament Sutra**, inilista ng Buddah ang sampung uri ng katiyagaan sa buhay ng tao. Una at pinakamahalaga ang Katiyagaan sa Pagkaunawa sa Lahat ng Bagay Bilang Ilusyon. Kadalasan nang inilalarawan ang buhay sa mundo bilang ilusyon, at binibigyang kakayahan ang tao na may makita sa ilusyon, deilusyon, pagkabalag, at kawalang pahalaga na mapalaya ang kalinawan at puwersa.

Ito ang panahon para sa malalim na pagsariwa ng ating isipan, sa ating pakiramdam, sa ating imahinasyon, sa ating kasaysayan, at sa ating hinaharap. Ang mga Gawain ay hindi magagampanang mag-isa lamang. Ito ay gampaning kailangan ang lahat. Ang teatro ay imbitasyon para tayo ay magsama-sama at gampanan ang mga Gawain ditto nang saqma-sama.

Maraming Salamat sa sama-samang pagtupad sa tungkulin sa teatro

PETER SELLARS